ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

# MGA ESTRATEHIYA SA PAG-AARAL NG TALASALITAAN NG MGA MAG-AARAL NG BATSILYER SA SEKONDARYANG EDUKASYON SA MAYORYANG FILIPINO: ISANG DESKRIPTIBO-KOMPARATIBONG PAG-AARAL

**Glydel D. Bastasa[1], Conie B. Cerna, MAEd[2]**
[1]*Student Researcher, Institute of Teacher Education, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology, Kapalong, Philippines*
[2]*Instructor, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology, Kapalong, Philippines*

**Article DOI: https://doi.org/10.36713/epra19856**
**DOI No: 10.36713/epra19856**

## ABSTRAK

*Ang pag-aaral na ito ay naglalayong malaman ang estratehiya sa pag-aaral ng talasalitaan ng mga mag-aaral sa mayoryang Filipino na nasa unang taon hanggang pang-apat na taon. Ang pangunahing instrument na ginamit sa pag-aaral na ito ay ang Vocabulary Learning Strategies Questionnaire na ginawa ni Schmitt's (1997). Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng deskriptibong disenyo ng kwantitatibong pananaliksik dahil ito ay nagsasangkot lamang ng iisang baryabol upang matukoy ang estratehiya sa pag-aaral ng talasalitaan ng mga mag-aaral sa mayoryang Filipino. Sa pamamagitan ng random sampling nagkaroon ng kabuoang bilang na 177 mag-aaral na nagsilbing respondente. Lumabas sa resulta na na karamihn sa mag-aaral sa medyor sa Filipino ay nasa 18-19, babae at nasa unang taon sa BSed Filipino. Ang estratehiya sa pag-aaral ng talasalitaan ng mga mag-aaral sa Mayoryang Filipino ay napag-alamang mataas. Samantalang walang nakitang makabuluhang pagkakaiba sa mga estratehiya sa pag-aaral ng talasalitaan ng mga mag-aaral sa mayoryang Filipino batay sa kanilang edad at antas ng taon. Ngunit nakitang mayroong makabuluhang pagkakaiba batay sa kanilang kasarian. Dahil ang resulta sa pag-aaral na ito ay nagpapakita na may mataas na antas ng estratehiya sa pag-aaral ng talasalitaan ang mag-aaral ng mayoryang Filipino, iminungkahi ng mananaliksik na mas palawakin pa ang kakayahan sa estratehiya sa pag-aaral ng talasalitaan sapagkat malaki ang papel nito upang sila ay magiging aktibong makipag-ugnayan o makilahok hindi lang sa gawaing pampagkatuto kundi pati na rin sa lahat.*

**MGA SUSING SALITA*:*** *talasalitaan, estratehiya sa pag-aaral ng talasalitaan, mag-aaral sa mayoryang Filipino,deskriptib-komparatib,*

## INTRODUKSYON

Pumapatungkol ang pananaliksik na ito sa estratehiya sa pag-aaral ng talasalitaan ng mga mag-aaral sa mayoryang Filipino. Ang mga estratehiya sa pagkatuto ng bokabularyo ay tumutukoy sa mga iniisip o aksyon ng mga kabataang mag-aaral upang mapadali ang pag-unawa, pagkatuto, at pagpapanatili ng mga bagong salita. Mahalaga ang bokabularyo sa pagkatuto ng wika, at ang kakulangan nito ay maaaring maging hadlang sa kasanayan sa pagbasa at pakikinig (Ghalebi et al., 2021).

Sa bansang Turkey, ang kakulangan sa kaalaman sa bokabularyo ay nagdulot ng pangunahing dahilan sa kahirapan sa pag-unawa at pagpapahayag. Magagamit lamang ng tagapag-aral ang kanyang husay sa pakikinig, pagsasalita, pagbasa, at pagsulat sa target na wika hanggang sa lawak na pinahihintulutan ng kanyang bokabularyo. Mula sa pananaw na ito, ay kakikitaan kung gaano humahadlang ang bokabularyong taglay ng mag-aaral at nagtatakda ng mga hangganan ng kanyang tagumpay sa pag-aaral ng wika pati na rin kung gaano kalayo niya madadala ang wikang natutuhan sa kanyang karaniwang gawain (Melanlioayu, 2020).

Samantala, sa Pilipinas partikular na sa lungsod ng Angeles, mapapansin na marami ang mag-aaral mula sa elementarya hanggang kolehiyo ang hindi sapat ang kaalaman sa makabuluhang bokabularyo sa Ingles. Nagiging sanhi ito ng kanilang paghihirap sa akademikong pagsusulat at pagpapahayag. Ang mahinang pag-unawa sa pagbasa, pagtuturo ng bokabularyo, at kahirapan ay ilan sa mga dahilan na nag-aambag sa mababang bokabularyo. Bilang resulta ng mahinang bokabularyo, nahihirapan ang mga bata sa pagpapakita ng katatasan, sa mga pamantayang pagmamarka, at sa pagbabasa nang pangkalahatan (Santillan at Daenos, 2020).

Sa pangkalahatan, malinaw na nakikita ang malalim na kahalagahan nito para sa kabuoang paglago ng mga mag-aaral na nahihirapan sa mga talasalitaan lalong lalo na sa estratehiya sa pag-aaral ng talasalitaan. Ang makabuluhang pagsusuri ay nagbibigay ng pagbabago sa kurikulum, pagpapahayag sa

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

natutunan, at iba pang aspeto ng edukasyon. Ito'y nagbibigay-daan din sa masusing pagtingin sa potensyal na pagkawala sa sistema ng edukasyon, nagnanais na mapahusay ang kabuuang kalidad ng pagtuturo para sa mag-aaral.

Kaugnay nito, wala pang umiiral na anumang lokal na pagsisiyasat na maaaring iugnay sa pamamaraan sa pag-aaral ng talasalitaan ng mag-aaral sa mayoryang Filipino. May mga pag-aaral na isinagawa tulad ng mga pagsisiyasat ni Afzal (2019) na pinamagatang *"A study on Vocabulary-Learning Problems Encountered by BA English Majors at the University Level of Education"* ngunit inilalarawan niya ang mga problema sa pag-aaral ng talasalitaan na nararanasan ng mga estudyante. Samantala ang pagsisiyasat naman nina Bhatti at Mukhtar (2020) na *"Impact of Vocabulary Learning Strategies on Gender Based ESL Learners in Pakistan"* na kung saan iniimbistigahan nila ang isang ugnayan sa pagitan ng epekto ng pamamaraan sa pag-aaral ng talasalitaan sa mga estudyante ng ESL na batay sa kasarian sa Pakistan. Bukod dito, isa pang pag-aaral nina Fitrianti et al. (2023) na may pamagat na "An *Analysis on Vocabulary Learning Strategies (VLS) Used by Junior High School Students"* ngunit iniimbistigahan nila ang isang ugnayan sa pagitan ng epekto ng mga estratehiya sa pag-aaral ng talasalitaan sa mag-aaral ng ESL na batay sa kasarian sa Pakistan. Ang mga pagsisiyasat ito ay tumatalakay sa talasalitaan ng mga mag-aaral na may koneksyon sa pananaliksik. Sa pagkakaiba, ang nakaraang pananaliksik sa itaas na nabanggit ay hindi nag-imbestiga sa pamamaraan sa pagkatuto ng talasalitaan ng mga kabataang mag-aaral sa mayoryang Filipino. Ang pananaliksik na ito ay naglalayong tukuyin ang ugnayan ng estratehiya sa pag-aaral ng talasalitaan sa edad, kasarian, at antas ng taon ng mga mag-aaral sa mayoryang Filipino. Layunin nitong magbigay ng konsepto sa epektibong pamamaraan na makatutulong sa pagpapabuti ng pagkatuto ng bokabularyo. Ang mga natuklasan ay maaaring magdulot ng mas malawak na pag-unawa at positibong pagbabago sa sistema ng edukasyon, lalo na sa KCAST, sa pamamagitan ng masusing pagsusuri sa mga estratehiya ng mag-aaral.

**Layunin ng Pananaliksik**

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong tukuyin ang mga estratehiya sa pagkatuto ng talasalitaan ng mga kabataang mag-aaral sa Batsilyer ng Sekondaryang Edukasyon na may Mayoryang Filipino sa KCAST.

1. Ano ang propayl ng mga estudyante batay sa:
   1.1 edad;
   1.2 kasarian; at
   1.3 lebel ng taon
2. Matukoy ang mga estratihiya sa pagkatuto ng talasalitaan batay sa:
   2.1 memorya na estratehiya
   2.2 determinasyon na estratehiya;
   2.3 interaksyon na estratehiya;
   2.4 metakognitib na estratehiya; at
   2.5 kognitib na estratehiya
3. Pagkakaiba ng mga estratehiya sa pagkatuto ng bokabularyo ng mga mag-aaral batay sa:
   3.1 edad
   3.2 kasarian; at
   3.3 antas ng taon

**Haypotesis**

Ang sumusunod na haypotesis ay sinubukan sa 0.50 antas ng kabuluhan. Nagsasaad na walang pagkakaiba sa mga pamamaraan sa pag-aaral ng talasalitaan ng mga mag-aaral sa Mayoryang Filipino ng KCAST.

## METODOLOHIYA

**Disenyo ng Pananaliksik**

Ang disenyong ginamit sa pagsisiyasat na ito ay *non-experimental quantitative* sa pamamaraang deskriptib-komparatib na sinusukat ng mananaliksik ang isa o dalawahang baryabol at sinuri ang relasyon sa pagitan nila. Gumamit ang mananaliksik ng mga *adopted questionnaire* bilang instrumento sa pagkuha ng datos na kinakailangan sa pagsisiyasat. Nilalayon ng pagsisiyasat na matukoy ang kaugnayan ng mga estratehiya sa pag-aaral ng talasalitaan ng mayoryang Filipino batay sa edad, kasarian, at antas ng taon. Nagnanais makilala ang baryasyon sa grupo sa loob ng isang populasyon nang hindi binabago ang *dependent* na baryabol. Sa Deskriptibong-Komparatibong pananaliksik, tinatasa ng mananaliksik ang dalawang hindi binagong baryabol at gagawa ng isang sistematikong pamamaraan upang matukoy kung alin ang mas mahusay (McCombes, 2019).

**Lokasyon ng Pananaliksik**

Ang pananaliksik ay isinagawa sa Kapalong College of Agriculture Sciences and Technology (KCAST), pampublikong kolehiyo na matatagpuan sa Davao del Norte. Ang mga respondente sa pag-aaral ay ang mga mag-aaral sa kursong Batsilyar ng Sekundaryang Edukasyon medyor sa Filipino ng KCAST sa taong panuruan na 2023-2024. Ang mga kalahok ay binubuo ng 52 na mga mag-aaral.

**Populasyon at Sampling ng Pananaliksik**

Sa pamamagitan ng universal sampling, ang mga partisipante sa pagsisiyasat ay binubuo ng mga kabataang estudyante mula unang taon sa BSEd Filipino, pangalawang taon sa BSEd Filipino, ikatatlong taon sa BSEd Filipino at ikaapat na taon sa BSEd Filipino ng Kapalong College of Agriculture Sciences and Technology.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

**Talahanayan 1**
**Tsart ng Frequency Distribution ng mga respondente**

| Antas | Kasarian | Populasyon | Sample | Bahagdan |
|---|---|---|---|---|
| **Unang taon sa BSEd Filipino** | Babae | 124 | 67 | 20.53% |
| | Lalake | 43 | 23 | 7.12% |
| **Ikalawang Taon sa BSEd Filipino** | Babae | 55 | 30 | 9.10% |
| | Lalake | 11 | 6 | 1.82% |
| **Ikatlong taon sa BSEd Filipino** | Babae | 47 | 25 | 7.78% |
| | Lalake | 13 | 7 | 2.15% |
| **Ikaapat na taon sa BSEd Filipino** | Babae | 29 | 16 | 4.80% |
| | Lalake | 5 | 3 | 0.83% |
| **Kabuoan** | | **327** | **177** | **54.13%** |

**Instrumento ng Pananaliksik**
Ang palatanungang ginawa sa pananaliksik ay isang *adopted questionnaire* mula kay Schmitt (1997) na *Taxonomy of Vocabulary Learning Strategies,* ito ay mayroong *Five-point likert* na binubuo ng 25 items sa tatlong (5) indikeytor: estratehiyang memorya, estratehiyang determinasyon, estratehiyang interaksyon, estratehiyang metakognitib at estratehiyang kognitib. Ang *Likert Scale* ang pinili na panukat para malaman ang kakayahang pagsisiyasat ng mga mag-aaral. Ito ay humihiling sa indibidwal na markahan ng tsek ang kahon bilang sagot sa numero na tumutukoy sa pag-uugali, bagay, at stimulus.Sa pagpapakahulugan sa pamamaraan sa pagkatuto ng talasalitaan ng respondente, Ang mga kasunod na instrumento ang isinagawa bilang panukat.

| Saklaw ng Paglalarawan | Kahulugan | Interpretasyon |
|---|---|---|
| 4.20-5.00 | Napakataas | Ang estratehiya sap ag-aaral ng talasalitaan ay laging naipapakita. |
| 3.40-4.10 | Mataas | Ang estratehiya sap ag-aaral ng talasalitaan ay madalas naipapakita. |
| 2.60-3.30 | Katamtaman | Ang estratehiya sap ag-aaral ng talasalitaan ay minsan lang naipapakita. |
| 1.80-2.50 | Mababa | Ang estratehiya sap ag-aaral ng talasalitaan ay biihirang naipapakita. |
| 1.00-1.70 | Napakababa | Ang estratehiya sap ag-aaral ng talasalitaan hindi malimit na naipapakita. |

**Pagkolekta ng Datos**
Sa Paglikom ng Datos at resulta, isinagawa alinsunod sa mga pamamaraang tumitiyak sa proteksyon ng karapatan ng bawat respondente. Nakapaloob dito ang maayos na proseso ng pagkuha ng impormasyon upang masagot ang mga layunin ng pananaliksik.

**Pagbuo ng Talatanungan.** Nagsagawa ang mananaliksik ng paghahanap ng nararapat na palatanungan mula sa mga artikulo sa dyornal at kaugnay na pagsisiyasat sa *internet* na may kaugnayan sa baryabol.

**Pagsumite ng Talatanungan.** Ang mga hinangong talatanungan ay ipinasa ng mananalilsik sa tagapagpayo para sa karagdagang pagsusuri. Pagkatapos, isinangguni ito sa tagasuri upang matiyak ang kaangkupan ng bawat aytem sa isinagawang pag-aaral.

**Paggawa ng liham pahintulot.** Ang mananalilsik ay gumawa ng liham pahintulot sa *Office of the President* sa pamamagitan sa Bise Presidente ng Pangakademikong Gawain sa Kapalong College of Agriculture Sciences and Technology upang maisagawa ang pananaliksik.

**Pamamahagi ng koleksyon at Talatanungan**. Nang inaprubahan ng *OIC - College of the President*, sa pamamagitan ng Bise Presidente ng Pang-akademikong Gawain, ang pahintulot na magsagawa ng pagsisiyasat, ipamamahagi ng mananaliksik ang talatanungan sa pamamagitan ng personal na

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

pamamahagi. Sa tulong ng OIC at Bise Presidente, tiyak na maayos itong maipapamahagi sa mga respondente.

**Koleksyon at Tabulasyon ng mga Datos.** Ang mga nakalap na datos ay siniyasat sa tulong ng *statistician* upang makuha ang tumpak na resulta alinsunod sa mga tunguhin isasagawang pananaliksik.

**Istatistikal Tritment ng Datos**
Ang estadistikal na pamamaraan na ginamit sa pagsusuri ng datos ay ang pagsubok ng teorya sa 0.05 antas ng kabuluhan.

***Frequency.*** Ito ang ginamit para makuha ang dami ng respondente batay sa edad, antas ng taon at edad.

***Mean***. Ito ang ginamit upang mahanap ang pangkalahatang mean ng estratehiya sa pagkatuto ng talasalitaan ng estudyante sa mayoryang Filipino.

***Independent Variable T-test.*** Ito ang ginamit para tukuyin ang makabuluhang pagkakaiba ng estratehiya sa pagkatuto ng talasalitaan ng mga respondente sa mayoryang Filipino batay sa kasarian.

***Analysis of Variance (ANOVA).*** Ito ang ginamit para tukuyin ang makabuluhang pagkakaiba ng estratehiya sa pag-aaral ng talasalitaan ng mga mag-aaral sa mayoryang Filipino batay sa edad at antas ng taon.

## RESULTA AT DISKUSYON

***Talahanayan 2***
***Propayl ng mga Mag-aaral batay sa Edad***

| Edad ( *Coding* ) | *Frequency* | Porsyento |
|---|---|---|
| 1 (18 – 19 edad) | 75 | 42.37% |
| 2 (20 – 21 edad) | 72 | 40.68% |
| 3 (22 – 23 edad) | 22 | 12.43% |
| 4 ( 24 – 25 edad) | 5 | 2.83% |
| 5 (26 edad pataas) | 3 | 1.70% |
| **KABUOAN** | **177** | **100.00%** |

***Talahanayan 3***
***Propayl ng mga Mag-aaral batay sa Kasarian***

| Kasarian | Frequency | Porsyento |
|---|---|---|
| Babae | 137 | 77.40% |
| Lalake | 40 | 22.60% |
| **KABUOAN** | **177** | **100.00%** |

***Talahanayan 4***
***Propayl ng mga Mag-aaral Batay sa Antas ng Taon***

| Antas ng Taon | Frequency | Porsyento |
|---|---|---|
| Unang taon sa BSEd Filipino | 90 | 50.85% |
| Pangalawang taon sa BSEd Filipino | 35 | 19.77% |
| Pangatlong taon sa BSEd Filipino | 33 | 18.64% |
| Ikaapat na taon sa BSEd Filipino | 19 | 10.73% |
| **KABUOAN** | **177** | **100.00%** |

**Personal na Impormasyon ng mga Mag-aaral batay sa Edad, Kasarian at Antas ng Taon**
Ipinakita sa talahanayan 2 ang propayl ng respondente batay sa edad. Nagpapakita na ang nasa code 1 (18 – 19 edad) ang may pinakamaraming bilang ng edad ng respondente. Sa talahanayan 3, nagpapakita na babae ang may pinakamaraming bilang ng mga respondente Samantala, ang talahanayan 4 ay nagpapakita na nasa unang taon sa BSEd Filipino ang may pinakamaraming bilang ng mga respondente. Sa pag-aaral ni Zhang (2023) nagmumungkahi na ang edad, kasarian, kapaligiran ng pag-aaral, at wika ay maaaring magkaroon ng epekto sa dalas ng paggamit ng mga estratehiya sa pag-aaral ng talasalitaan. Ang pagsisiyasat ay nagpakita ng makabuluhang ugnayan ng mga salik sa karanasan ng mga mag-aaral sa pagkuha ng bokabularyo, na naglalahad ng pagkakaiba sa pag-unawa at paggamit ng estratehiya ng bawat isa.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

*Talahanayan 5*
*Antas ng Estratehiya sa Pag-aaral ng Talasalitaan Batay sa Memorya na Estratehiya*

| Memorya Na Estratehiya | *Mean* | Paglalarawan |
|---|---|---|
| 1. Pinag-aaralan ko ang mga salita gamit ang mga larawan | 3.99 | Mataas |
| 2. Sinusubukan kong gamitin ang bagong salita nang sabay-sabay pagkatapos matuto | 3.78 | Mataas |
| 3. Iniuugnay ko ang salita sa iba pang mga salita na natutuhan | 4.07 | Mataas |
| 4. Inaalala ko ang isang salita mula sa kakaibang anyo, pagbigkas o mahirap na pagbabaybay | 4.02 | Mataas |
| 5. Binabasa ko nang malakas ang bagong salita kapag nag-aaral upang madaling matandaan | 4.04 | Mataas |
| **PANGKALAHATAN** | **3.98** | **Mataas** |

*Talahanayan 6*
*Antas ng Estratehiya sa Pag-Aaral ng Talasalitaan Batay sa Determinasyon na Estratehiya*

| Determinasyon Na Estratehiya | *Mean* | Paglalarawan |
|---|---|---|
| 1. Sinusuri ko ang mga bahagi ng pananalita (hal. pangngalan, pandiwa, pang-uri | 4.12 | Mataas |
| 2. Sinusuri ko ang mga panlapi at ugat upang hulaan ang mga kahulugan ng mga salita (hal. *replay* – ibig sabihin gawin mo ulit) | 3.98 | Mataas |
| 3. Gumagamit ako ng mga larawan o kilos upang maunawaan ang kahulugan ng mga salita | 3.99 | Mataas |
| 4. Hinuhulaan ko ang mga kahulugan ng mga salita sa konteksto ng pangungusap | 3.84 | Mataas |
| 5. Naghahanap ako ng mga salita sa ingles-filipino na diksyunaryo | 4.23 | Napakataas |
| **PANGKALAHATAN** | **4.03** | **Mataas** |

*Talahanayan 7*
*Antas ng Estratehiya sa Pag-aaral ng Talasalitaan Batay sa Interaksyon na Estratehiya*

| Interaksyon na Estratehiya | *Mean* | Paglalarawan |
|---|---|---|
| 1. Nagtatanong ako sa guro ng mga kasingkahulugan o katulad na kahulugan ng bagong salita | 3.88 | Mataas |
| 2. Nagtatanong ako sa guro ng mga depinisyon ng salita na hindi ko maintindihan ang ibig sabihin | 3.95 | Mataas |
| 3. Ipinawawasto o sa guro ang katumpakan ng aking mga listahan ngk salita | 3.82 | Mataas |
| 4. Tumutuklas ako ng mga kahulugan sa pamamagitan ng pangkatang gawain | 3.89 | Mataas |
| 5. Nakikipag-ugnayan ako sa mga nagsasalita ng katutubong salita | 3.69 | Mataas |
| **PANGKALAHATAN** | **3.85** | **Mataas** |

*Talahanayan 8*
*Antas ng Estratihiya sa Pag-aaral ng Talasalitaan Batay sa Metakognitib na Estratehiya*

| Metakognitib na Estratehiya | *Mean* | Paglalarawan |
|---|---|---|
| 1. Sinusubukan ko ang sarili sa mga pagsubok sa bagong salita na natutuhan | 4.07 | Mataas |
| 2. Sinasalin ko ang kahulugan ng salita mula sa Ingles sa Filipino | 4.19 | Mataas |
| 3. Nagsasanay ako sa pamamagitan ng paggawa ng mga pagsasanay sa bokabularyo (hal. pagpuno ng mga salita sa mga puwang) | 3.89 | Mataas |
| 4. Naglalaro ako ng mga bokabularyo sa *cellphone* o kaya sa *online games* | 3.69 | Mataas |
| 5. Sinusubukan kong magsalita o ilarawan ang mga bagay sa Ingles | 3.94 | Mataas |
| **PANGKALAHATAN** | **3.96** | **Mataas** |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

*Talahanayan 9*
*Antas ng Estratihiya sa Pag-aaral ng Talasalitaan Batay sa Kognitib na Estratehiya*

| Kognitib na Estratehiya | *Mean* | Paglalarawan |
|---|---|---|
| 1. Inaalam ko ang salita sa pamamagitan ng pagsasabi na pag-uulit | 4.17 | Mataas |
| 2. Inaalam ko ang salita sa pamamagitan ng nakasulat na pag-uulit | 4.08 | Mataas |
| 3. Ginagamit ko ang seksyon ng bokabularyo sa aklat-aralin. | 3.84 | Mataas |
| 4. Nakikinig ako sa isang *tape* ng mga listahan ng salita. | 3.56 | Mataas |
| 5. Nagtatabi ako ng kwaderno ng bokabularyo saan man pumunta. | 3.52 | Mataas |
| **PANGKALAHATAN** | **3.83** | **Mataas** |

*Talahanayan 10*
*Kabuoang Antas ng Estratehiya sa Pag-aaral ng Talasalitaan ng mga Mag-aaral sa Mayoryang Filipino.*

| Indikeytor sa Estratehiya sa Pag-aaral ng Talasalitaan | Mean | Paglalarawan |
|---|---|---|
| Memory Na Estratehiya | 3.98 | Mataas |
| Determinasyon Na Estratehiya | 4.03 | Mataas |
| Interaksyon Na Estratehiya | 3.85 | Mataas |
| Metakognitib Na Estratehiya | 3.96 | Mataas |
| Kognitib Na Estratehiya | 3.83 | Mataas |
| **PANGKALAHATAN** | **3.93** | **Mataas** |

**Estratehiya sa Pag-aaral ng Talasalitaan ng mga Mag-aaral sa Mayoryang Filipino**

Ang resulta ng pagsisiyasat ay nagpakita na ang mag-aaral ay madalas gumamit ng mga estratehiya sa pagkatuto ng talasalitaan, kabilang ang memorya, determinasyon, interaksyon, at metakognitibong pamamaraan. Ipinapahiwatig nito na hindi lamang sila natututo ng bagong salita kundi aktibo rin silang nag-eeksperimento ng paraan upang mapalawak ang kanilang kaalaman at paggamit nito sa iba't ibang sitwasyon. Sa mga pag-aaral nina Ghalebi (2020) at Mercado (2020), ang epektibong estratehiya sa bokabularyo ay mahalaga upang mapabuti ang kasanayan ng mag-aaral sa pakikinig, pagsasalita, pagbasa, at pagsulat. Dagdag pa rito, sinusuportahan ng datos ang natuklasan ni Marsyadianti (2019) na ang mga indibidwal na pamamaraan ng mga mag-aaral ay nakakaapekto sa kanilang kakayahan sa pag-unawa at paggamit ng wika. Ang estratehiyang tulad ng pagsasaulo, pag-uugnay ng salita sa pang-araw-araw na buhay, at aktibong paggamit ng mga bagong salita ay napatunayang nakatutulong sa mas epektibong pagkatuto. Bagama't mataas ang antas ng paggamit ng mga estratehiya, mahalaga pa rin ang patuloy na pagsasanay at pagpapabuti upang higit na mapalawak ang kaalaman at aplikasyon ng talasalitaan.

Samantala, madalas gamitin ng mag-aaral ang estratehiyang memorya sa pagkatuto ng talasalitaan, na nagpapakita ng epektibong koneksyon sa pagitan ng bagong bokabularyo at dating kaalaman. Sa pag-aaral nina Al-Faris at Jasim (2021), tumutulong ang memorya na estratehiya sa mas malalim na pagproseso ng mga salita sa tulong ng paggamit ng imahe at palatandaan para maalala ang natutuhang bokabularyo. Sinuportahan ito nina Mohamad et al. (2021), na natuklasang mahalaga ang estratehiyang memorya sa pagbuo ng pundasyon ng bokabularyo, lalo na para sa mga visual learners, sa pagtaas ng motibasyon, at pagpapababa ng takot. Ayon kay Balini (2018), positibo ang epekto ng paggamit ng imahe at tunog sa pagkuha at pagpapanatili ng bokabularyo. Gayundin, binanggit ni Aljurbua (2021) na mahalaga ang memorya na estratehiya sa unang yugto ng pagkatuto ng wika, dahil pinapabilis nito ang pagkatuto sa pamamagitan ng pag-uugnay sa pamilyar na konsepto. Sa kabuuan, ang paggamit ng memorya na estratehiya ay nakapagpapabuti ng pagkatuto, pagpapanatili, at paggamit ng bokabularyo, na mahalaga para sa mas mabisang komunikasyon at malawak na kaalaman sa wika.

Samantala, ang determinasyong estratehiya, isa sa mga pangunahing aspeto ng pagkatuto ng bokabularyo, ay nakakuha ng mataas na iskor sa mga pag-aaral. Ipinapakita ng mga respondente na madalas nilang ginagamit ang pagsusuri ng konteksto, pahiwatig sa wika, at mga materyal tulad ng diksyunaryo upang maunawaan ang bagong salita (Baskin et al., 2017). Ayon kina Abdullah at Ismail (2018), ang determinasyong estratehiya ang pinakapopular sa limang kategorya ng estratehiya, kung saan karaniwang ginagamit ng mga estudyante ang diksyunaryo para maunawaan ang di-pamilyar na salita. Katulad nito, ipinakita sa pag-aaral ni Phong (2021) na ang pagsusuri sa konteksto at paggamit ng kritikal na pag-iisip ay mahalaga sa pagtuklas ng bagong bokabularyo. Sa kabuuan, ang mga determinasyong estratehiya ay epektibo sa pagpapalawak ng bokabularyo dahil sa kanilang tulong sa pagtukoy at pag-unawa ng kahulugan ng mga salita.

Ang interaksyong estratehiya ay karaniwang ginagamit ng mga estudyante sa pag-aaral ng bokabularyo, tulad ng pagtatanong

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

sa guro o kaklase upang alamin ang kahulugan ng salita. Maangkop ang lumabas na resulta sa pagsisiyasat ni Bakti (2018), nagbibigay ito ng agarang at kontekstwal na feedback, lalo na kung mas bihasa sa Ingles ang pinagtatanungan. Pinatunayan nina Benedict at Shabdin (2021) na mas pinipili ng estudyante ang ganitong kolaboratibong paraan, lalo na kung kulang sila sa kumpiyansa o karanasan sa paggamit ng independiyenteng estratehiya. Sa kabuuan, ang interaksyong estratehiya ay epektibo sa pagpapalawak ng bokabularyo at nagtataguyod ng aktibong pakikilahok at kolaborasyon.

Ang metakognitibong estratehiya ay epektibong ginagamit ng mga estudyante sa pag-aaral ng bokabularyo sa pamamagitan ng mga aktibidad tulad ng paglalaro ng talasalitaan, pagsasalin, at aktibong paggamit ng natutunang salita. Ayon kay Nugruho (2023), nakakatulong ang pamamaraang ito sa pamamahala ng sariling pagkatuto, pagsubaybay sa progreso, at mas malalim na pag-unawa sa bokabularyo. Sinuportahan ito nina Shamsiddinovna at Akmalovna (2023), na binanggit ang papel ng metakognitibong estratehiya sa pagpapabuti ng kognisyon at kakayahang magsuri ng sarili. Ayon kina Agtarap et al. (2023) at Alsharif (2022), ginagamit ito ng mga mag-aaral mula sa pelikula, TV shows, at iba pang media, na nagpakitang ang estratehiya ay epektibo sa iba't ibang konteksto.Sa kabuuan, ang metakognitibong estratehiya ay nagtataguyod ng kritikal na pag-iisip, kamalayan sa sarili, at kontrol sa pagkatuto, na humahantong sa mas epektibong pagkuha at pagpapalawak ng bokabularyo.

Ang kognitibong estratehiya ay mabisang ginagamit ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng bokabularyo sa pamamagitan ng pagbabasa, paggamit ng larawan, paglilista, at pakikinig. Ayon kay Tiwari (2023), ang paghihinuha mula sa konteksto, paggamit ng diksyunaryo, at pagsusuri ng istruktura ng salita ay epektibo sa pagkatuto ng bokabularyo. Pinagtibay nina Pratami at Margana (2020) ang kahalagahan ng pag-uulit at pagtatala, habang binigyang-diin ni Rabadi (2016) ang papel nito sa mas mabilis na pagproseso ng impormasyon. Ang aktibong paggamit ng estratehiyang ito ay nagpapalakas ng independiyenteng pagkatuto at kumpiyansa. Inirerekomenda ang pagsasama ng pagsusuri ng salita at konteksto sa kurikulum upang mapabuti ang bokabularyo at kasanayan sa wika.

| Baryabol (Moderator) | | Estratihiya Sa Pag-Aaral Ng Talasalitaan | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | | Mean | SD | t-value* F-value# | P-Value | Decision $\alpha = 0.05$ |
| Edad | 18-19 | 3.96 | 0.52 | 0.330# | .858 | $H_0$ Accepted |
| | 20-21 | 3.89 | 0.47 | | | |
| | 22-23 | 3.92 | 0.51 | | | |
| | 24-25 | 4.09 | 0.55 | | | |
| | 26 and above | 4.03 | 0.23 | | | |
| Kasarian | Babae | 3.89 | 0.46 | -2.190* | .030 | $H_0$ Rejected |
| | Lalaki | 4.08 | 0.56 | | | |
| Antas ng Taon | 1st Year | 3.97 | 0.54 | 1.333# | .265 | $H_0$ Accepted |
| | 2nd Year | 3.79 | 0.39 | | | |
| | 3rd Year | 3.97 | 0.46 | | | |
| | 4th Year | 3.92 | 0.45 | | | |

**Makabuluhang Pagkakaiba ng mga Estratihiya sa Pag-aaral ng Bokabularyo ng mga Mag-aaral Kapag Sinuri Batay sa Edad**

Ang null hypothesis na nagsasabing walang makabuluhang pagkakaiba sa estratehiya sa pag-aaral ng talasalitaan batay sa edad ay tinanggap, na nangangahulugang hindi nakaapekto ang edad ng mga respondente sa kanilang mga estratehiya. Sa pagsisiyasat ni Barjesteh at Farsi (2018), bagama’t mahalaga ang edad sa pag-aaral ng wika, wala itong direktang epekto sa bokabularyo. Sinang-ayunan ito ni Ridge (2013), na nagsabing hindi laging makabuluhan ang impluwensya ng edad sa estratehiya sa pagkatuto. Bagama’t binanggit ni Ahsanah (2020) na ang mas batang edad ay may kalamangan sa pag-aaral ng wika, ipinapakita ng resulta na mas malaki ang papel ng ibang salik kaysa sa edad.

**Makabuluhang Pagkakaiba ng mga Estratihiya sa Pag-aaral ng Bokabularyo ng mga Mag-aaral Kapag Sinuri Batay sa Kasarian**

Sa pagsisiyasat lumabas sa resulta na may makabuluhang pagkakaiba sa estratehiya sa pag-aaral ng talasalitaan batay sa kasarian, na nagpapahiwatig ng pagtanggap sa null hypothesis. Ang resulta ay maiiugnay sap ag-aaral nina Yilmaz at Vesile Gul (2017), mas aktibong ginagamit ng mga babae ang iba't ibang estratehiya kumpara sa mga lalaki, na nagpapakita ng mas sistematikong pagkatuto ng bokabularyo. Natuklasan ni Riandi (2018) na ang mga babae ay mas gumagamit ng determinasyong estratehiya, tulad ng pagkuha ng tala, samantalang ang mga lalaki ay mas nakatuon sa interaksyong estratehiya. Suportado ito nina Kobayashi at Little (2020), na nagsabing ang mga babae ay gumagamit ng mas malawak na hanay ng estratehiya, na nagdudulot ng mas epektibong pagkatuto. Ipinapahiwatig nito na dapat isaalang-alang ang kasarian sa pagtuturo ng bokabularyo.

**Makabuluhang Pagkakaiba ng mga Estratihiya sa Pag-aaral ng Bokabularyo ng mga Mag-aaral Kapag Sinuri Batay sa Antas ng Taon**

Tinanggap ang null hypothesis na nagsasaad na walang makabuluhang pagkakaiba sa estratehiya sa pag-aaral ng talasalitaan batay sa antas ng taon, na nagpapahiwatig na ang antas ng taon ng mga respondente ay hindi nakaapekto sa

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

kanilang ginamit na mga estratehiya. Sinuportahan ito sa pag-aaral ni Garden (2022), hindi nakakaimpluwensya ang antas ng taon sa estratehiya sa pag-aaral ng talasalitaan, bagkus ang kasarian at kurso ng mga mag-aaral ang mas may makabuluhang epekto. Gayundin, ang pag-aaral ni Zhang (2023) ay nagmumungkahi na ang edad, kasarian, kapaligiran ng pag-aaral, at wika ay maaaring magkaroon ng epekto sa dalas ng paggamit ng mga estratehiya sa pag-aaral ng talasalitaan. Ang mga natuklasan mula sa pag-aaral ni Zhang ay nagpapakita ng makabuluhang ugnayan sa pagitan ng mga salik na ito at ang karanasan ng mga mag-aaral sa pagkuha ng bokabularyo, na tila nagpapakita ng mga pagkakaiba sa pag-unawa at aplikasyon ng mga estratehiya sa bawat estudyante.

**Konklusyon**

Batay sa resulta ng pag-aaral tungkol sa propayl ng mag-aaral sa Medyor sa Filipino ayon sa kanilang edad, kasarian, at antas ng taon, natukoy na ang karamihan sa respondente ay nasa edad 18–19 (code 1) na may kabuuang 75 mag-aaral. Sa kasarian, 137 ang kabuuang bilang ng babaeng respondente, habang 50 naman ang lalaki. Sa antas ng taon, ang may pinakamaraming bilang ng respondente ay ang unang taon (95 mag-aaral). Sa pagsisiyasat na ito, mataas ang antas ng estratehiya sa pag-aaral ng talasalitaan ng mag-aaral sa BSED Filipino. Magaling ang mga mag-aaral sa paggamit ng iba't ibang estratehiya tulad ng memorya, determinasyon, interaksyon, metakognitibo, at kognitibo, na nagsisilbing matibay na pundasyon sa kanilang pagkatuto. Natuklasan na may makabuluhang pagkakaiba sa estratehiya batay sa kasarian, ngunit wala sa edad at antas ng taon, na nagpapahiwatig na personal na katangian o karanasan ang mas nakakaapekto. Iminumungkahi ang susunod na pag-aaral na suriin ang iba pang salik upang mas mapabuti ang mga programang pang-edukasyon.

**Rekomendasyon**

Ang pag-aaral na ito ay natuklasang may mataas na antas ng paggamit ng iba't ibang estratehiya sa pag-aaral ng talasalitaan ang mga mag-aaral ng Mayoryang Filipino, kabilang ang memorya, determinasyon, interaksyon, metakognitib, at kognitib na estratehiya. Ang malakas na pundasyon sa mga estratehiyang ito ay mahalaga para sa matagumpay na pagkatuto at makabuluhang ugnayan. Iminungkahi ng mananaliksik na higit pang paunlarin ang mga estratehiya sa talasalitaan upang mas maging aktibo ang mga mag-aaral sa pag-aaral at pakikilahok. Inirekomenda rin ang pagsasama ng mga aktibidad sa silid-aralan, tulad ng *Scrabble*, pagbabaybay, at pagsusulit, upang mapalawak ang bokabularyo ng mga mag-aaral at mapabuti ang kanilang kasanayan. Ang mga guro ay hinihikayat na pagtuunan ng pansin ang pagtuturo ng wika, talasalitaan, at diskurso upang mas mahasa ang mga mag-aaral. Dagdag pa, maaaring magsagawa ng kwalitatibong pag-aaral upang masuri ang iba pang salik na nakaaapekto sa pagkatuto ng talasalitaan.

## TALASANGGUNIAN

1. *Abdullah, S. N., & Ismail, A. (2018). Exploring Students' Strategies of Vocabulary Learning at Economic Faculty of Khairun University. Proceedings of the 1st International Conference on Teaching and Learning. https://doi.org/10.5220/0008898501420146*
2. *Afzal, N. (2019). A study on Vocabulary-Learning Problems Encountered by BA English Majors at the university level of education. Arab World English Journal, 10(3), 81–98. https://doi.org/10.24093/awej/vol10no3.6*
3. *Agtarap, L. L. B., Calzada, K. L. D., Cardona, R. S., & Villena, R. K. I. (2023). Vocabulary Learning Strategies of Filipino Senior High School (Shs) Learners: An Exploratory Factor Analysis. journal.upp.ac.id. https://doi.org/10.30606/jee.v9i1.1752*
4. *Ahsanah, Finaty. (2020). Gender and Age Differences in the Use of Language Learning Strategies by Junior and Senior High School Students. JET (Journal of English Teaching). 6. 50-59. 10.33541/jet.v6i1.1405.*
5. *Al-Faris, S., & Jasim, B. Y. (2021). Memory Strategies and Vocabulary Learning Strategies: Implications on teaching and learning vocabulary. Journal of Humanities and Social Sciences Studies, 3(10), 11–21. https://doi.org/10.32996/jhsss.2021.3.10.2*
6. *Aljurbua, M. F. (2021). Memory Strategies for vocabulary learning employed by Saudi Undergraduate EFL learners. SSRN Electronic Journal. https://doi.org/10.2139/ssrn.3952989*
7. *Alsharif, R. (2022). Relationship between Vocabulary Learning Strategies and Vocabulary Size: Evidence from Saudi Female EFL Learners. International Journal of Education and Literacy Studies, 10(1), 188. https://doi.org/10.7575/aiac.ijels.v.10n.1p.188*
8. *Bakti, K. N. N. (2018). Vocabulary learning strategies used by junior high school students. Indonesian Journal of English Language Studies (IJELS), 3(2), 44–59. https://doi.org/10.24071/ijels.v3i2.1064*
9. *Balini, I. (2018). Role Of Memory Strategy Training in Language Learning. ResearchGate. https://www.researchgate.net/publication/342123258*
10. *Barjesteh, H., & Farsi, L. (2018). Investigating the Interplay between Age Range and Vocabulary Learning among EFL Learners. Theory and Practice in Language Studies, 8(2), 238. https://doi.org/10.17507/tpls.0802.09*
11. *Baskin, S., Iscan, A., Karagoz, B., & Birol, G. (2017). The Use of Vocabulary Learning Strategies in Teaching Turkish as a Second Language. Journal of Education and Practice, EJ1138831. https://eric.ed.gov/?id=EJ1138831*
12. *Benedict, M. C., & Shabdin, A. A. (2021, July 20). A comparison of the vocabulary learning strategies employed by high and low proficient Pre-University students in Malaysia.https://so04.tci-thaijo.org/index.php/LEARN/article/view/253268*
13. *Bhatti, M. S., & Mukhtar, R. (2020). Impact of vocabulary learning strategies on gender based ESL learners in Pakistan. REiLA Journal of Research and Innovation in Language, 2(3), 134–140. https://doi.org/10.31849/reila.v2i3.4603*
14. *Fitrianti, N. E. A., Bunau, N. E., & Salam, N. U. (2023). Analysis on Vocabulary Learning Strategies (VLS) used by junior high school students. Journal of Scientific Research Education and Technology (JSRET), 2(2). https://doi.org/10.58526/jsret.v2i2.154*

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

15. *Garden, P. D. (2022). Vocabulary instruction in the early grades. https://eric.ed.gov/?id=EJ1367392*
16. *Ghalebi, R., Sadighi, F., Bagheri, M. S., & Gilakjani, A. P. (2021). A study of vocabulary learning strategies among high and low Iranian English vocabulary learners. Cogent Education, 8(1). https://doi.org/10.1080/2331186x.2020.1834933*
17. *Ismael, S. M. (2023). Analyzing the influence of English vocabulary learning strategies on English language learners. International Journal of English Literature and Social Sciences, 8(1), 001–011. https://doi.org/10.22161/ijels.81.1*
18. *Kobayashi, K., & Little, A. (2020). Gender differences in the effects of explicit vocabulary learning strategies training. https://pops.uclan.ac.uk/index.php/jsltr/article/view/589*
19. *Marsyadianti, A. M. (2019). Vocabulary Learning Strategies in a Secondary School in an EFL Context: A Survey Study. Universitas Islam Indonesia, 5322024. https://dspace.uii.ac.id/handle/123456789/17525*
20. *McCombes, S. (2019, May 15). Descriptive Research | Definition, Types, Methods & Examples. Scribbr. https://www.scribbr.com/methodology/descriptive-research/*
21. *Melanlioaylu, D. (2020). Scale of vocabulary learning strategies for learners of Turkish as a foreign language: A scale development study. Educational Research and Reviews, 15(6), 312–326. https://doi.org/10.5897/err2020.3997*
22. *Mercado, Princess Dianne. (2020). Vocabulary Learning Strategies and Knowledge Of 1st Year BSEd Major in English Students: A Correlation. International Journal of Social Science and Humanities Research, 8(4), 2348–3156. https://www.researchpublish.com/papers/vocabulary-learning-strategies-and-knowledge-of-1st-year-bsed-major-in-english-students-a-correlation*
23. *Mohamad, N. Z., Hashim, Z., Parjan, H. W., Shukor, S. N. E. A., Rajagopal, K., & Hashim, H. (2021). Students' Perception of Using Memory Strategies Training for Vocabulary Development. International Journal of Academic Research in Business and Social Sciences, 11(7). https://doi.org/10.6007/ijarbss/v11-i7/10062*
24. *Nugroho, A. A. (2023, November 16). Investigating Metacognitive Strategies in Vocabulary Acquisition By Eight Grade Students of SMP N 12 Semarang. https://proceeding.unnes.ac.id/utnc/article/view/2594*
25. *Phong, H. A. (2021). Strategies in Learning English Vocabulary Among Twelfth Graders in Xuan Dinh High School. 6th Education and Development Conference [EDC2021], 80–126. https://doi.org/10.52987/edc.2021.010*
26. *Pratami, B. a. S., & Margana, M. (2020). Vocabulary Learning Strategies Preference Used by the Seventh Grade Students of SMP Negeri 1 Mlati. European Union Digital Library. https://doi.org/10.4108/eai.12-10-2019.2292226*
27. *Rabadi, R. I. (2016). Vocabulary learning strategies employed by Undergraduate EFL Jordanian students. English Language and Literature Studies, 6(1), 47. https://doi.org/10.5539/ells.v6n1p47*
28. *Riandi, R. (2018). The Contribution of Gender Differences on the Vocabulary Learning Strategies. Diksi, 26(2), 113–119. https://doi.org/10.21831/diksi.v26i2.25468*
29. *Ridge, E. (2013). R. Ellis: The study of second language acquisition. Per Linguam, 10(1). https://doi.org/10.5785/10-1-248*
30. *Santillan, J. P., & Daenos, R. G. (2020). Vocabulary knowledge and learning Strategies of senior high school students. Universal Journal of Educational Research, 8(6), 2474–2482. https://doi.org/10.13189/ujer.2020.080631*
31. *Shamsiddinovna, A. A., & Akmalovna, X. R. (2023).. ESL Learners' Cognitive and Metacognitive Vocabulary Strategies. Zenodo (CERN European Organization for Nuclear Research). https://doi.org/10.5281/zenodo.7726166*
32. *Tiwari, H. P. (2023). Vocabulary learning strategies used by class ten students. Nepal Journal of Multidisciplinary Research, 6(3), 12–23. https://doi.org/10.3126/njmr.v6i3.59019*
33. *Wu, Y. (2019). Effectiveness of the Vocabulary Learning Strategies on English Vocabulary Learning for Non-English Major College Students. Proceedings of the 3rd International Conference on Culture, Education and Economic Development of Modern Society (ICCESE 2019). https://doi.org/10.2991/iccese-19.2019.231*
34. *Yilmaz & Vesile GUL. (2017). The Role of Gender and Discipline in Vocabulary Learning Strategy Use of Turkish Graduate EFL Learners. International Journal of Innovation and Research in Educational Sciences, 4(2349–5219), 57–64. https://www.ijires.org/index.php/issues?view=publication&task=show&id=232*
35. *Zhang, S. (2023). A survey of vocabulary learning Strategies used by Non-English Majors in Changzhi University. Scholars International Journal of Linguistics and Literature, 6(1), 59–64. https://doi.org/10.36348/sijll.2023.v06i01.007*